**Ang Isang Pagsintang Napakadakila Lubhang Matiisin Sa Kanyang Pithaya.**

# May Isang Pag-ibig na Lalong Higit

Kuwento ni
NITA STA. CRUZ

NOO'Y isang hapong kagaya nang karaniwan. Mangisa-ngisa pa lamang ang mga taong pumapasok sa Restawran ni Erlina. Kayang-kaya namang paglingkuran ang mga iyon ng mga upahang tagapaglingkod. Kaya sa gayong mga sandali'y nasarili ni Erlina ang pagkakataon upang pag-ukulan ng pagdidili-dili ang buhay niya sa loob ng kanyang malaking restawran.

Sa isang hapag, sa isang kubling sulok ng restawran ay tahimik na nakaupo si Erlina. Ang kaharap niya sa ibabaw ng hapag ay ang maliit na kahong yari sa kahoy, na kinatataguan ng mga liham na tagapagpa-gunita ng kanyang kahapon at kasalukuyan.

Hawak-hawak ni Erlina noon ang isang liham na katatanggap pa lamang niya. Itatago na sana niya iyon sa maliit na kahon upang pabayaan na niyang mapalagak sa paglimot yayamang wala namang hinihingi kundi paglimot, nguni't sa diwa niya'y tumawag ang alaala ng huling sulat na ilalagak niya roon.

Hinango niya ang sulat na iyon mula sa maliit na kahon. Sumama sa panglanghap niya ang halimuyak ng natuyong kuwintas na bulaklak ng sampagita: "Ganyan ang aking pag-ibig; walang kupas ang bangong susuob sa iyo habang araw" ang bunggo sa kanyang puso ng isang gunita.

Hindi pa nalilimot ni Erlina ang mga talatang nilalaman ng sulat na iyon, gayunma'y muli niyang binasang, may pananabik at may kaba sa dibdib.

*"May kasintahan ka na, at kay lungkot isiping huli na ako nang dumating sa iyong buhay. Gayunman, matatanggihan ko ba ang kahilingan mong ikaw ay huwag ko nang mahalin .Oo, susundin kita, at ako'y magiging anino mo na susunod sa iyong likuran, upang kung sakaling dumating ang araw na kailanganin mo ang aking pagmamahal, ay masusumpungan mong iyan ang una't huling yamang inihahandog sa iyo ng aking buhay. —Rafael"*

May pag-aalinlangang gumuhit sa aliwalas na mukha ni Erlina. Totoo nga kayang may pag-ibig na ganyan?

Tunay nga naman. Ngayong halos lahat ng bagay sa buhay ay nababahiran ng pagmamataas ng tao at labis na pagtingin sa sarili, sa sariling kapakanan at katayuan, maaari pa nga kayang magkaroon sa ibabaw ng lupa ng ganyang uri ng pag-ibig? Pag-ibig na hindi inaalintana ang maaaring sukat sabihin ng makakating dila? Pag-ibig na hindi inaalumana ang maaaring maging tukso ng madla at kaipala'y pananagurian pang pag-ibig na "pantakip-butas" lamang?

Si Erlina ay napailing at saka binalingan naman ang huling sulat na katatanggap pa lamang niya. Anang sulat na iyon.

*"Talagang hindi tayo magkapalaran. Ang kapalaran ko yata'y sadyang nakaguhit sa babaing idudulog ko sa dambana ngayong hapon. Kaya ang lalong mabuti'y limutin mo na ako at huwag mo pa rin sana akong pagdamdaman.*

*Artemio"*

Pagdamdaman? Isang ngiting alanganing ismid ang gumuhit sa isang sulok ng bibig ni Erlina. Hindi kinakailangan ni Erlinang tutupin ag kanyang dibdib at tanungin ang kanyang puso. Tiyak na tiyak niyang hindi. Hindi siya nagdaramdam!

Matagal nang nakikilala ni Erlina na ang pag-ibig niya kay Artemio ay isang pagkakamali. Bagu-bago pa lamang niyang natatanggap ito'y nagpabaya na. Manaka-naka lamang kung dumalaw sa kanya.

Inaakay ng katutubong ugaling kahinhinan, ibig man niyang ipamukha kay Artemio ang pagkukulang nito ay hindi niya magawa. Nakilala niyang hindi sila magkatugma. Nguni't ang pangako niya kay Artemio ay pangakong kanyang pinahahalagahan. Kaya ang hinihintay niya kung mangyayari ang kanilang pagkakasira, ay kay Artemio dapat na manggaling iyon at hindi sa kanya.

Ngayon ito'y nangyari na, ang ipinagdaramdam ni Erlina'y kung ang aninong sumusunod sa likuran niya'y wala na! Ewan niya kung babalik pa iyon. Kapag nagkagayon, ang hindi pagbabalik niyon ay kanyang pakadaramdamin.

Isang mayuming pag-ibig ni Rafael ay dumating sa buhay ni Erlina. Nakilala niya sa pagkain-kain sa kanyang restawran. Nguni't lalo niyang nakilala sa pamamagitan ni Berto, na katulong nila sa restawran.

—Si Rafael, ay mabait at mabuting kaibigan, —parang pagmamalaking wika ni Berto kay Erlina. Hinahanap niya ang kanyang mga kaibigan sa bunton ng maliliit, pagka't nababatid niyang siya ma'y maliit din. Hindi siya katulad ng maraming kumakain dito sa atin.

Ganyan din ang pagkakilala ni Erlina kay Rafael. Hindi siya "Mapagmalaking pantog" sa kanyang kaliitan. Sa kanilang madalas na pag-uusap, si Rafael ay walang laging nasasabi sa kanya kundi ang karalitaan nito —ang karalitaang kinagisnan at ang karalitaang kasalukuyan pang tinutunggali nito.

—Kaya mangingilag akong makipagkilala sa "malalaki... sa malalaking katulad... mo! —minsa'y tila may pagbibirong sabi ni Rafael kay Erlina.

—Aba! hindi naman ako malaki a, —ang naisagot ni Erlina.




...AT NANGINGINIG ANG MGA DALIRING BINUKSAN AT BINASA ANG SULAT...






—Ang katangiang hinahanap ko sa aking magiging kaibigan ay hindi ang kayamanan kundi ang kabaitan. Bakit ba minamaliit mong mabuti ang iyong sarili? — Ani Erlina pa at hindi niya natatandaan kung nasabi niya kay Rafael o naisaloob na lamang niya ang ganito: —Hindi ka naman alangan sa sinuman sa kanila.

May mga sandaling kung si Erlina'y nagsasarili at nakapag-iisip na mag-isa, ay hindi niya mapaglabanan, katakutang parang multong nagtitindig sa kanyang puso, ang pagdating ng araw na si Rafael ay umibig sa kanya. Wala na siyang puso upang makatugon pa sa isang pag-ibig, pagka't nakatali na nga siya kay Artemio.

Nguni't ang kinatatakutan ni Erlina'y nangyari rin. Isang araw ay may natuklasan si Berto.

—Galing ako kina Rafael, — anito kay Erlina. —Nabuklat ko ito sa kanyang sulatan. Hindi niya nalalaman kinuha ko ito. Isang sulat para sa iyo. basahin mo!

At binasa ni Erlina.

*"...Pangapat na ang sulat kong ito. Batid kong hindi ko rin ito maipapadala sa iyo at pupunitin ko lamang pagkatapos. Gayunman, ligaya ko na ang isulat ang buong nilalaman ng aking damdamin na hindi ko yata masasabi sa iyo kailanman."*

Mahaba ang sulat na binasa ni Erlina. Isang kiming pag-ibig ng isang mayuming puso. Umiibig ay takot na masawi. Umiibig ay hindi makapangahas, pagka't maralita.

—Huwag mong sasabihin sa kanyang ibinigay mo sa akin ang sulat na ito, —nasabi ni Erlina kay Berto at itinago ang sulat.

Nguni't hindi nakatiis si Berto na hindi ipagtapat kay Rafael ang kanyang pagkakasala. Namutla nang gayon na lamang si Rafael sa restawran. Ewan kung bakit nakararamdam siya ng pagkaulila sa katauhan nito. Nguni't isang hapon, si Erlina'y tumanggap ng mga kuwintas ng sampagita na dala ng isang bata, at di-umano'y ipinabibigay ng isang "mamang" hindi niya nakikilala.

Tuwing hapon, nang makalawang araw ay tumanggap si Erlina ng isang ng kuwintas ng sampagitan. Hindi naman pinagtatakhan ni Erlina iyon. Tinitiyak niyang si Rafael ang nagpapadala nlyon..

Hindi nakatiis si Erlinang magsawalang kibo. Isang sulat ang kanyang ginawa at ipinadala kay Rafael sa pamamagitan ni Berto.

*"Huwag mo na akong padalhan ng sampagita, —anang sulat niya, —pagka't hindi ko na tatanggapin. Isinasamo ko sa iyo na limutin mo na ang iyong pag-ibig sa akin, pagka't ako'y may kasintahan na."*

At sumagot si Rafael:

*"Ang kasama ng sulat kong ito'y ang huling kuwintas ng sampagitang tatanggapin mo sa akin, nguni't may bango ng aking pag-ibig na susuob sa iyo habang buhay."*

At ang dugtong pa sa isang bahagi.

*"Kung sakaling may araw na darating na kailanganin mo ang aking pagmamahal iyan pa rin ang masusumpungan mong una't huling yamang inihahandog sa iyo ng aking buhay."*

TINIKLOP ni Erlina ang dalawang sulat na inilagay niya sa kahong kahoy. Ibig niyang malimot ang nauukol sa dalawang lihim na iyan. Ang kay Artemio, dahil sa wala nang kapararakang alalahanin pa niya; at ang kay Rafael, dahil sa pag-aalinlangan niyang "may pag-ibig na mananatiling pag-ibig sa gitna ng kasawian sa maraming araw."

Tumindig si Erlina mula sa kanyang pagkakaupo. Dalawang kamay na binuhat niya ang munting kahong kahoy, na ang nasa kalooban niya ay hindi na niya lalabas na muli; itatago na niya upang kailanman ay huwag na niyang buksan. Hindi na kailangan sapagka't sa ganang kay Erlina, ay maghahatid siya ng isang kabaong sa libingan ng paglimot na taglay ang lahat ng gunita niyang hindi na niya ibig na alalahanin.

Nasumpungan ni Erlinang may namumuong luha sa kanyang mga mata. Hindi niya mapigil-pigil, nguni't walang dahilan upang siya'y lumuha, ang sabi niya sa sarili. Kaya ibinabang muli ang munting kahon na kinataguan ng kanyang lihim sa ibabaw ng hapag at dinampian ng pangyolite ang kanyang mga mata.

—Magandang hapon po; sino po ba si Aling Erlina? —Narinig ni Erlinang tanong ng isang tinig.

Dumukwang si Erlina at tumanaw sa may dakong pinto. Isang bata ang kanyang nakita. Sa isang kamay ay may bitbit na

(Sundan sa pahina 30)

noon lamang nakaraang linggo ay nakausap ko siya sa Maynila. Siya ang nagsabi sa akin na pabasa raw ninyo ngayon, at siya rin ang nagbalitang may sakit daw kayo?

—Ha?.... —Si mang Ambo naman ang hindi makapaniwala sa kanyang narinig. Paano'y isa pa siya sa mga nakipaglibing nang ihatid sa huling hantungan ang kasintahan ng kanyang anak. — Talagang mahal na mahal ka sa kanyang puso!

Ayaw pa sanang paniwalaan ni Denang na patay na nga si Angel. Subali't nang patunayan sa kanya ni aling Trining, ina ni Angel, na patay na nga ang anak nito, ay saka lamang naniwala si Denang. Nguni't kalakip naman niyon ang hapding kirot na nabuhay sa kanyang puso.... higit na mahapdi kaysa sa tinamo niyang kasawian sa palad ng mga mapagsamantalang apo ni Adan, na matapos siyang lamuyutin sa palad ng mga iyon, ay naiwan siyang lantang bulaklak na wala nang bango.

—"Oh, Bakit.... bakit kinailangang sapitin ko ang ganitong kasawian? Bakit?.... At bakit ko pa naisipang lumayas sa amin at pagtaksilan si Angel at sumama ako sa lalaking dumaya ng aking pag-ibig? Bakit ko pa sinunod ang kabaliwan ng aking diwa upang pumagitna sa magulong lunsod ng Maynila? Bakit?.... Bakit?...."

PARANG multong nagbalik sa gunita ni Denang ang isang umagang naglalako siya ng gulay at isda, na kamuntik na siyang nabundol ng biglang lumikong kotse. Isang lalaki ang umibis at nilapitan siya. Iyon si Arturo, na matapos hingin ang kanyang pagpapaumanhin, ay nakipagkilala sa kanya, hanggang sa maging laging panauhin niya iyon, at matangay siya ng katamisan ng dila nito, hanggang naakit upang liparin ang pinapangarap niyang lunsod ng Maynila. Sa ginawa niyang pagsama kay Arturo ay nailibing tuloy niya sa paglimot ang mabait na kasintahan, si Angel. At kaya lamang niya naalaala ang pinagtaksilang kasuyo ay nang malaman niyang may asawa't anak pala ang sinamahan niyang lalaki. Parang nabulagan ay namasukan siya sa isang Bar bilang tagapagsilbi. Nguni't hindi niya akalin na sa pook na iyon ay marami palang lawin ang maglulugso ng kanyang napariwara nang puri.

—Kalamayin mo, anak, ang kapalaran ikinabit sa iyong buhay ng ating Panginoon. —Tinig ng kanyang ama ang gumambala sa malalim na pagdidili-dili ni Denang.

—Tena, Denang! —Tawag ni aling Trining sa namimighating dalaga. —Saliwan mo kami sa pagbasa ng pasyong mahal!

Gaputok man ay hindi umimik si Denang. Nakaharap na siya sa [illegible]ong mahal ay parang wala pa siya sa sarili. At nang umaawit na siya ay maiinit na luha ang pumatak sa kanyang dibdib. Naalala niya si Angel! At ang kanyang puso'y nauuhaw.... nauuhaw sa timyas ng pag-ibig ni Angel.

—WAKAS—




ALAM BA NINYO NA ANG

ISANG TIKET NG SWEEPSTAKES

ay naglalaro sa SAMPUNG bilang?

Mga kaibigan, ito ay isang katotohanan na natupad dahil sa pagkakaroon ng isang bagong pamamaraan ng pagbola.

Ang bawa't libreta ay naglalaman ng SAMPUNG BILANG. Sakaling isa sa mga bilang ang magwagi ng malaking gantimpala, lahat ng bilang o tiket mula sa libretang ito ay magwawagi rin ng malaking premyo!

Samantalahin ang bagong paraang ito! BUMILI NG INYONG TIKET para sa bolahan ng sweepstakes sa Abril 22! Tulad ng dati, mahigit na KALAHATING MILYONG PISO ang ipinamamahagi, LIBRE SA BUWIS.

PHILIPPINE CHARITY SWEEPSTAKES

Ibabang Palapag, Gusali ng NAMARCO
M. de la Industria, Maynila Tel. 2-7391


## MAY ISANG...

(Buhat sa pahina 23)

kuwintas ng mapuputing bulaklak ng sampagita na sa kasariwaan ay nagtatapon ng masamyong halimuyak, at sa isang saglit ay parang lumaganap at napuno ang buong restawrang iyon.

—Ako! Ako! —Ang namulas na sunod-sunod sa labi ni Erlina. —Ako. Ako....

Tinanggap niya ang sampagita at nakita niyang may sulat na kasama iyon. Nanginginig ang mga daliring dinampot iyon at binuksan. Pinahid ang ulap ng luhang tumatakip sa kanyang paningin at binasa.

At saka pa lamang nalunasan ang mabigat na suliranin ng puso ni Erlina.

*"Erlina,*

*Nabasa ko ang pakikipagtsang dibdib ni Artemio. Ako'y makikiramay sa pagdaramdam mo.*

*Dahil sa pangyayaring iyan, kaipala'y hindi mo na ibabawal sa aking padalhan kitang muli ng sampagita —ang sagisag ng aking pagmamahal na masusumpungan mong may bangong isusuob sa iyo sa habang buhay. Kaya, tanggapin mo sana, Erlina ang una't huling yamang inihahandog sa iyo ng aking kaluluwa.*

*Rafael."*

—WAKAS—

## Walang Patawad

(Buhat sa pahina 21)

kundi laguk-lagok, hindi na konti-konti lamang, kopa-kopang puno na; at habang tumutungga ay lalo siyang nauuhaw. Lalo siyang nagpapanibagong bulas. Nakikita niyang tila panoramang umiinog ang magagandang tanawin sa kanyang paligid, at kasabay niyo'y parang mga puting silahis na humahawi ng maiitim na guniguni sa kanyang isipan. Napapangiti na siya ng sariwang mga ngiti. Noon lamang siya natawang may matutunog na halakhak. Naisip niyang ang malasing pala'y parang masayang panaginip. Wala siyang malay na iyon pala'y simula na ng "Delirio," o paghihingalo ng isang buhay na nalalapit sa kanyang wakas.

Samantala'y patuloy na sumisidhi ang kanyang uhaw. Isang lagok pa, dalawang lagok pa ng alak at sa wari niya'y maaari na siyang makalipad na parang ibon kahi't walang pakpak. Maaari na siyang makalipad na parang ibon kahi't walang pakpak. Maaari na siyang makatakas dito sa mundong kahapis-hapis.

Hinawakan niya ang prasko at siya'y magsasalin, subali't wala na palang laman. Ilang patak na lamang ang tumulo sa kopa. Ang ilang patak na alak ay hindi sapat upang magkabagwis ang kanyang kahibangan. Sayang. Kung wala na siyang matutungga ay kay daling mapuputol ang kanyang pag-aaliw.

Nguni't hintay! Mayroon siyang naalaala. Nagunita niyang sa estante ng mga kagamitan sa pagluluto sa kusina ay may isang bote ng Giniebra San Miguel na kakaunti lamang ang kulang, at marahil iyo'y nalabi sa isa nilang piging at naitago doon ni Binday.

Dali-dali siyang nagtindig at